Philippine Navy Excerpts in PBSAIII Speech (AFP 76th Anniversary)

"Kamakailan lang, pinasinayaan natin ang BRP* Gregorio del Pilar *na handa nang mag-patrolya sa ating mga karagatan. Inaasahan nga po nating sa susunod na mga buwan ay darating pa ang mga kapatid ng ating BRP Gregorio del Pilar. Parating na rin ang mga gamit panghimpapawid na nakatakdang bumagwis upang suyurin at subaybayan ang mga pangyayari sa ating kapuluan."

Full Context:

Talumpati
ng
Kagalang-galang Benigno S. Aquino III
Pangulo ng Pilipinas
Sa ika-76 na pagdiriwang ng kaarawan ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas
[I*nihayag sa Camp Aguinaldo, Lungsod ng Quezon noong ika-21 ng Disyembre 2011*]

Sa nakalipas na pitumpu't anim na taon, sa tuwing humaharap ang ating bayan sa hamon ng kaguluhan at pagsubok na dulot ng kalamidad at trahedya, ang ating Sandatahang Lakas ang nangunguna sa pagtatanggol sa bayan at pagliligtas sa ating mamamayan. Sa paglipas ng panahon, patuloy na nagsisilbing kabalikat ng bayan ang ating Tanggulan bilang maaasahang hanay sa oras ng pangangailangan.

Nito nga pong mga nakalipas na araw, muli na naman pong pinatunayan ng ating kasundaluhan ang kanilang dedikasyon at pananagutan sa katungkulan. Sa pagbisita natin sa Cagayan de Oro, Iligan, at Dumaguete, saksi tayo sa kalunos-lunos na resulta ng biglaang dami at lakas ng buhos ng ulan sa Silangang Visayas at sa Mindanao.

Sa likod po ng kalungkutang idinulot ng trahedyang ito, muli naman pong nabuhay ang diwa ng bayanihan ng mga Pilipino. Sa pangunguna ng bagong talaga nating Chief of Staff na si Lieutenant General Jessie Dellosa, nagsilbing ehemplo ang ating mga sundalo ng wagas na pagbubukas-palad at pagmamalasakit sa ating mga kababayan. Katuwang ang ating Sandatahang Lakas, pinangunahan at patuloy nating isinasagawa ang mga operasyon at paghahatid ng tulong sa mga nasalantang lugar. Balita ko rin po, kanselado na ang inyong AFP Ball, at ang pondong sana'y gagastusin ninyo sa pagdiriwang ay ilalaan na lamang sa pagtulong sa mga biktima ng bagyong Sendong. Sa ngalan po ng bansa: maraming, maraming salamat po sa inyong sakripisyo at pagbabayanihan.

Kasama nga po ang sambayanan, taos-puso po akong nagpapasalamat sa inyong wagas na pagsasakripisyo para sa ating kapwa-Pilipino. Salamat sa pangunguna ng mga Chief of Staff nating katuwang sa tuwid na daan, na sina General Ric David, General Eduardo Oban, at Lieutenant General Dellosa. Sa inyong mahusay na pamumuno, napipitas na natin ang bunga ng ating mga makabuluhang reporma. Binabati ko rin ang mga binigyang-parangal na kawani ng AFP sa araw na ito. Hindi lang ito tanda ng pagkilala, pagbibigay din ito ng insentibo sa mga gaya ninyong ehemplo ng disiplina, katapatan, at integridad sa ating kasundaluhan.

Tunay pong nakakapagpagaan ng kalooban na ipagdiwang ang mahigit pitong dekada ng inyong kabayanihan at marangal na paglilingkod sa bayan. Sa pagdiriwang natin ng ikapitumpu't anim na taong pagkakatatag ng AFP at sa nalalapit na pagtatapos ng taon, magandang pagkakataon ito upang makapagbalik-tanaw sa ating mga naisakatuparang tagumpay sa nakalipas na isang taon. Dumaan po ang unos ng mga pagsubok sa inyong hanay, hindi nagpatinag ang ating kasundaluhan sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Sa halip, mas naging matatag, maaasahan at may pananagutan ang ating AFP kumpara sa mga panahong lumipas.

Isinasaayos na po natin ang sistema sa pamamalakad at transaksyon sa ating Sandatahang Lakas. Tinutulan nga po natin ang 'di-makatarungang plea bargain agreement ng dating Ombudsman Merceditas Gutierrez kay Comptroller Carlos Garcia. Hindi na po natin papayagan ang pagpapakasasa ng iilan sa pondong dapat ay dumidiretso sa kapakanan ng mga sundalo. Sagrado ang pondong inilalaan ng ating mga kababayan, kung kaya't hindi natin ito gagamitin sa maling paraan. Mulat tayong sa bawat pisong ibinulsa, buhay ng isang sundalo ang nalalagay sa peligro at pinagkakaitang umasenso.

Hindi po tayo nag-aatubiling gawin ang tama lalo pa't nagbubunsod ito ng magagandang resulta. Katangi-tangi nga po ang pagtataguyod ng AFP sa kapayapaan at kaayusan sa ating bayan. Sa ilalim ng ating IPSP Bayanihan, nagsagawa po kayo ng dalawandaan at tatlumpung tactical engagements at mahigit pitong daang operasyong pangkapayapaan at pangkaunlaran sa mga lugar na apektado ng CPP-NPA-NDF mula Enero hanggang Nobyembre ng taong ito. Nagresulta po ito sa pagkakahuli sa halos tatlong daan at limampung katao, pagsuko ng mahigit dalawandaan at tatlumpung indibidwal, pagkasabat ng mahigit dalawandaan at animnapung armas, at paglaya ng halos dalawandaan at tatlumpung barangay sa kamay ng masasamang elemento. Kaugnay po nito, mahigit sampung porsyentong pagbaba sa mga kasong kinasasangkutan ng CPP-NPA-NDF ang naisakatuparan natin mula Enero hanggang Nobyembre ng 2011 kumpara noong 2010.

Bukod sa mga ito, napababa din ninyo, kaakibat ang isinusulong nating usaping pangkapayapaan, ang mga karahasang pinangungunahan ng MILF ng mahigit limampung porsyento mula Enero hanggang Nobyembre—ang ibinaba—ng 2011 kumpara noong 2010. Tumaas din ang inyong tactical engagements laban sa Abu Sayyaf Group mula apatnapu't dalawa noong 2010 patungo sa isandaan at tatlo mula Enero hanggang Nobyembre ng taong kasalukuyan. Ito ay nagresulta sa pagkaaresto ng mahigit isandaang miyembro ng ASG at sa pagkasabat din ng kanilang apatnapu't siyam na armas.

Sa panahon naman pong sinubok ang ating katatagan sa pagkamatay ng ating mga sundalo sa Mindanao sa kamay ng mga rebeldeng grupo, buong loob at tapang pa rin kayong rumesponde. Nagbunsod po ito sa pagkakahuli at pagpapanagot sa masasamang elemento, nang hindi sinisira ang ating usaping pangkapayapaan. Muli po nating idinidiin ang kahalagahan ng "all-out-justice," kaysa pakikipaghamok sa isang digmaan na walang ibang kinahihinatnan kundi ang pagkasawi ng maraming buhay. Hindi po natin isinusuko ang ating hinahon at pagtitimpi; nais nating bigyang-daan ang payapang kalutasan sa pagdurusa ng mga kababayan nating kumapit sa madugong pakikibaka sa paghahangad ng reporma. Alam po nating hindi karahasan ang paraan upang lumaya sa kahirapan; hindi saradong pag-iisip at poot ang sagot sa deka-dekadang hidwaan at putukan.

Mulat po tayong ang isang pangkat na inatasang magtanggol ng ating bansa ay karapat-dapat na bigyang suporta at pagkalooban ng sapat na kagamitan upang mas epektibo nilang matupad ang kanilang tungkulin. Hindi man natin ura-uradang mareresolba ang lahat ng problema, unti-unti na nating dinadagdagan at pinauunlad ang inyong mga kagamitan upang lalo pa ninyong maipamalas at maipagmalaki ang kahusayan at kagitingan ng sundalong Pilipino.

Kamakailan lang, pinasinayaan natin ang BRP* Gregorio del Pilar *na handa nang mag-patrolya sa ating mga karagatan. Inaasahan nga po nating sa susunod na mga buwan ay darating pa ang mga kapatid ng ating BRP Gregorio del Pilar. Parating na rin ang mga gamit panghimpapawid na nakatakdang bumagwis upang suyurin at subaybayan ang mga pangyayari sa ating kapuluan.

Maliban sa modernisasyon, puspusan din ang pagtutok ng ating administrasyon sa paghahatid ng inyong mga karapat-dapat na benepisyo: Mula sa pagkalinga sa inyong kalusugan, hanggang sa paglinang sa inyong mga kasanayan; mula sa dekalidad na edukasyon ng inyong supling, hanggang sa pabahay para sa inyong mag-anak; pursigido ang gobyernong arugain kayo at ang inyong pamilya.

Marami pa po tayong makakasalubong na mga hamon, subalit nananatiling buo ang ating loob na magpatuloy dahil kasama ko po kayong lahat. Sa harap ng mga banta ng masasamang elemento; sa panganib na hatid ng mga kalamidad, hindi magpapagapi ang hanay ng ating mga sundalo alang-alang sa kapakanan at kaligtasan ng mga Pilipino.

Sa darating pong Kapaskuhan at pagsalubong natin sa bagong taon, alam kong mananatiling mapagmatyag at tutok sa serbisyo ang ating mga sundalo. Hindi man ganap na makakapagbakasyon ang ating mga kawal sa mga araw na ito, alam ko pong nagkakaisa tayo sa nais patunguhan ng ating mga sakripisyo; ito ang araw-araw na pagbabakasyon ng bansa mula sa kaguluhan, katiwalian, at kahirapan.

Ulitin ko lang po: Maraming, maraming salamat po sa inyong lahat.